

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 9  
Mayo 7, 2009  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editorial*

# Uring manggagawa, pamunuan ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino


**H**abang nagtatagal at lumalalim ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo at ang krisis ng makolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, nagdudulot ito ng walang kaparis na pinsala at kahirapan sa uring manggagawa, sa masang anakpawis at buong sambayanan. Sa kabilang panig, nagluwal ito ng mainam na kundisyon para sila'y pukawin at pakilusin. Lalong lumilina sa kanila ang pangangailangang bagtasin ang landas ng militanteng pakikibaka upang ipagtanggol ang kapakanan ng lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan at kumilos para waksan ang sistemang nagsasadlak sa kanila sa hirap at pagdurusa.

Malaking hamon ang kinakaharap ngayon ng uring manggagawa. Mahigpit ang pangangailangang isabalikat ng uring manggagawa ang kanilang tungkuling ipaglaban ang kanilang mga makauring interes at palaganapin at dalhin ang rebolusyonaryong kilusan sa panibagong yugto ng pagsulong.

Ang uring manggagawa ang pinakamaunlad na uring iniluwal ng kasaysayan. Ito ngayon ang inasahang mamuno at magsulong ng panlipunang rebolusyon. Ang Partido Komunista ang abanteng destakamento nito. Tangan nito ang Marxist-Leninistang ideolohiyang nagsisilbing abanteng syentipiko at

praktikal na gabay sa kanilang pagsusuri at pagkilos. Nasa balikat din ng uring manggagawa at partido nito ang tungkuling mulatin at gabayan ang sambayanang Pilipino, bigkisin sila at manguna sa pagsulong at pagpapaigting ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka.

Dapat tiyaking magagampanan ng uring manggagawa ang malalaking pangkasaysayang hamong kaakibat ng walang kasintinding krisis sa kasalukuyan. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng puspusang pagbuo ng Partido sa kanilang hanay. Kung may malakas



***Mga tampok sa isyung ito...***

**Mayo Uno, ginunita ng libu-libong mamamayan** PAHINA 3

**Mga progresibo sa kongreso, nadagdagan ng tatlo** PAHINA 5

**Matagumpay na pagharap sa Balikatan sa Bicol** PAHINA 8

na Partido sa gulugod, tuluy-tuloy at determinadong susulong ang uring manggagawa sa lahat ng larangan ng pakikibaka.

Dapat malawakan, pupusan at nagkakaisang kumilos ang uring manggagawa laban sa rehimeng US-Arroyo at kabuuan ng bulok na umiiral na sistema at isulong ang pakikibaka para sa interes at mga karapatan nila at ng mamamayan. Sa kasaysayan, ang mga tagumpay ng uring manggagawa ay natamo sa pamamagitan lamang ng determinado, mapangahas at walang humpay na mulat at organisadong pakikipaglaban.

Ngayon higit kailanman, ang sigaw para sa karagdagang P125 sa arawang sahod ay dapat paalin-gawngawin sa buong bansa at puspasang ipaglaban. Dapat itaas ang antas ng determinasyon at sigasig ng mga manggagawa sa paglaban at madagundong na ipahayag ito sa tuluy-tuloy na malalaking pagkilos sa lansangan at iba pang daluyan ng kanilang sama-samang paglaban. Kung walang ganitong mga pagkilos, walang matatamo ang masang manggagagawa at anakpawis.

Ang pakikibaka para sa karag-

dagang sahod ay dapat determinadong isulong ng masang manggagawa kaakibat ng iba pang kagyat na pangangailangan ng masang anakpawis: tunay na reporma sa lupa; pagbaba ng presyo ng petrolyo at iba pang saligang pangangailangan; trabaho para sa mga walang hanapbuhay; bahay para sa mga walang matirhan at pagtigil sa demolisyon ng mga tahahan ng mga maralita; pagpawi sa pabigat na mga buwis; serbisyong panlipunan para sa mga hirap at nangangailangan. Dapat mahigpit na ikawing ang lahat ng ito sa pakikibaka para igiit ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan, wakasan ang rehimeng US-Arroyo, at hadlangan ang mga balak nitong manatili sa poder.

Dapat magpunyagi sa pagtatayo ng mga unyon ng mga manggagawa na determinadong magsusulong ng kanilang mga pang-ekonomya at iba pang karapatan. Habang puspusan ang mga unyon sa pagsusulong ng kanilang mga pakikibaka sa pabrika o empresa, kailangan din nilang magpunyagi sa pagpapakilos ng mga manggagawa sa mga pampulitikang pakikibaka na mahalaga para sa kanilang uri,

sa iba pang masang anakpawis at sa buong sambayanan.

Dapat malawakang sanayin ng mga unyon ang mga kasapi nito upang maging aktibo sa pagmumulat at pag-oorganisa sa loob at labas ng pabrika. Bahagi rin nito ang pakikipag-alyansa sa iba pang demokratikong sektor kung saan pinakaimportante ang saligang alyansa ng mga manggagawa at magsasaka at pagtataguyod ng mga interes at laban ng mga magsasaka.

Higit sa lahat, dapat mapagsilbing organisadong ambag ito sa pagsusulong ng proletaryong rebolusyon. Dapat naitatransporma ang mga unyon ng mga manggagawa tungo sa pagiging rebolusyonaryong unyon. Susi rito ang pagsisilbing paaralan ang unyon para sa pampulitika at rebolusyonaryong edukasyon ng mga manggagawa. Dapat maging puspusan ang pag-aaral ng mga unyon sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa linyang pampulitika ng Partido Komunista ng Pilipinas at aplikasyon nito sa kanilang masasaklaw na programa at araw-araw na pagkilos.

Napakahalagang mapakilos ang mga organisadong manggagawa at buu-buong rebolusyonaryong unyon para malawakang sumuporta sa armadong rebolusyon sa lihim na paraan. Kabilang dito ang pagpapadala ng mga suportang materyal sa hukbong bayan at pagsuporta sa mga partisano ng hukbong bayan na may mga misyon sa kalunsuran.

Ang pinakamataas na antas ng suportang maibibigay nila sa armadong rebolusyon ay ang maramihang pagtungo sa kanayunan para sumapi sa BHB at lumahok sa armadong pakikibaka. Libu-libong mga bagong mandirigma mula sa hanay ng uring manggagawa ang kinakailangan ng BHB taun-taon upang tumulong sa pagpapalawak at pagpapatatag ng mga larangan at baseng gerilya sa kanayunan at pagsusulong ng digmang bayan. **AB**



Taon XL Blg. 9 Mayo 7, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

### Editorial

|   |   |
|---|---|
| Manggagawa, pamunuan ang bayan            | 1 |
| Mayo Uno, ginunita ng libu-libo           | 3 |
| Tagumpay ng welga                         | 3 |
| Mayo Uno sa buong mundo                   | 4 |
| Ika-36 anibersaryo ng NDF                 | 4 |
| Mga pekeng grupong party-list, nakapuslit | 5 |
| 3 bagong progresibong kongresista         | 5 |

### Pananalanta ng pasistang estado

|  |   |
|--|---|
| Pamilya sa Agusan del Norte, minasaker | 6 |
| Jun Lozada, inilipat sa Senado         | 6 |
| Numero uno sa kabuktutan               | 7 |

### Mga ulat koresponsal

|   |    |
|---|----|
| Matagumpay na pagharap sa Balikatan       | 8  |
| Tropang US, kalahok sa operasyong militar | 8  |
| Ani ng rebolusyon sa Baryo Lagda          | 9  |
| OBL sa Cordillera                         | 10 |
| Pamumunong pinanday ng panahon            | 11 |
| Si Ka Pasyo, milisyang bayan              | 12 |
| Bangit, susunod na hepe ng AFP?           | 13 |

|        |    |
|--------|----|
| Balita | 13 |
|--------|----|

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Mayo Uno, ginunita ng libu-libong mamamayan

**L**ibu-libong manggagawa at mamamayan ang nagrali sa iba't ibang dako ng Pilipinas nitong Mayo Uno para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa.

Sa Maynila, nagmartsa ang 7,000 manggagawa sa pangunguna ng Kilusang Mayo Uno. Sinimulan nila ang pagkilos alas-6:00 pa lamang ng umaga sa pamamagitan ng pasahan ng sulo sa kahabaan ng España hanggang Welcome Ronda. Nagsimula nang ala-una ng hapon ang martsa mula España hanggang Liwasang Bonifacio sa Maynila, kung saan binatikos ng KMU at mga progresibong organisasyon ang malawakang tanggalan sa trabaho sa loob at labas ng bansa. Binatikos din ang laganap nang kontraktwalisasyon sa mga manggagawa na nagsimula kahit hindi pa pumuputok ang malalang pandaigdigang krisis sa ekonomya.

Binatikos din nila ang rehimen ng US-Arroyo sa kawalang-akasyon nito sa mga suliranin ng mga manggagawa. Sa halip na ito ang bigyang-pansin, walang ginawa ang rehimen kundi isulong ang pagpapalit ng konstitusyon na magpapalala sa kahirapan ng sambayanan. Muling iginiit ng mga militanteng manggagawa P125 dagdag na sahod na patuloy na isinusulong sa Kongreso ng mga progresibong partido.

Binatikos naman ng KMU-National Capital Region ang palabas na *job fair* ng rehimen nito ring Mayo 1. Anang KMU-NCR, patunay lamang ito na ang itinutulak ng rehimen ay ang pag-eksport ng mga manggagawang Pilipino na isa lamang pansamantala at mababaw na tugon sa rumaragasang krisis. Wala itong ginagawa para paunlarin ang industriya at makapagbigay ng sapat na serbisyo at trabaho sa mamamayan, anang KMU-NCR.

Sa iba't ibang lalawigan ng Bicol, 22,300 mamamayan ang nagtipon sa kabila ng malakas na ulan. Sa Iloilo City, nagrali ang 2,000 mamamayan samantalang umabot sa 1,000 ang nagmartsa sa Roxas City. Sa Negros Occidental, lumahok ang 3,000 manggagawa at

magsasaka sa isang Lakbayan at naglunsad ng programa sa Bacolod City Plaza. Binatikos nila ang malalang militarisasyon sa kanayunan at iginiit ang maayos na trabaho at dagdag sahod. Sa Tacloban City, nagrali ang mga manggagawa at mga kawani ng pamahalaan.

Sa Davao City, umabot sa 3,000 ang lumahok sa kilos-protestang pinangunahan ng KMU-Southern Mindanao. Iginiit din nila ang maayos na trabaho, sahod at batayang serbisyo at binatikos ang pagsupil sa mga unyon at karahasan ng militar sa kilusang paggawa. **AB**



## Tagumpay ng welga

**M**uling nagkamit ng tagumpay ang mga manggagawa ng Kowloon House matapos pumayag ang maneydsment nito na ibalik sa trabaho ang 54 na sinibak matapos magwelga noong 2008. Ito ang napagkasunduan sa negosasyon sa pagitan ng mga kasapi ng unyon at pamunuan ng nasabing restawran nitong Abril.

Napagkasunduan ng maneydsment at ng mga manggagawa na ibalik ang mga tinanggal sa trabaho pero hindi sila makatatanggap ng *backwages*. Gayunpaman, makakakuha sila ng P10,000 bilang panimulang tulong pampinansya. Balak ng manedysment na ilipat ang mga manggagawa sa sangay ng restawran sa Teachers' Village, Quezon City. Pinangangambahan ito ng Ecumenical Institute for Labor Education and Research o EILER dahil walang unyon doon at hindi sila magiging protektado sa iba't ibang panggigipit ng maneydsment katulad ng kontraktwalisasyon.

Matatandaan na naglunsad ng welga ang mga manggagawa ng Kowloon House sa West Avenue, Quezon City dahil sa isyu ng dagdag sahod at pagtatanggal sa mga myembro ng unyon nito. Enero ngayong taon ay iniutos ng National Labor Relations Commission o NLRC na ibalik sa trabaho ang mga sinisanteng manggagawa at bayaran nang buo ang kanilang sahod. **AB**

# Mayo Uno sa buong mundo

**M**ahigit isang milyon ang nagprotesta sa iba't ibang panig ng mundo bilang paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Paggawa ngayong taon. Isinigaw nila ang kanilang mga panawagan para sa mga karapatan at kagalingan ng mga manggagawa at mamamayan.

Daan-daang Amerikano at mga migrante ang lumahok sa May Day Immigration Rally sa New York Square Union. Taong 2006 pa nang magsimula ang ganitong pagkilos tuwing Mayo Uno sa pangunguna ng May 1st Coalition for Workers and Immigrants Rights. Iginiit nila ang karapatan para sa maayos na sahod, benepisyo at iba pang kahalilingan para sa mga migranteng manggagawa. Nagkaroon din ng katulad na maka-migranteng pagkilos sa Los Angeles, California. Umabot sa 12 milyon ang mga iligal na migrante sa United States.

Sa Cuba, ginunita ang Araw ng Paggawa sa Havana at isinabay ang pagdiriwang ng ika-50 anibersaryo ng kanilang tagumpay sa rebolusyon.

Sa France, walong malalaking unyon ng mga manggagawa ang nagtipon at naglunsad ng malaking rali sa halos 280 iba't ibang lugar. Ayon sa mga nag-organisa, umabot sa 1.2 milyon ang lumahok sa mga nasabing pagkilos. Binatikos nila ang pamahalaan ng France sa mga anti-mamamayang patakaran nito at malawakang tanggalan sa trabaho. Nagbanta rin sila na kung walang aksyon ang pamahalaan ay maglulunsad pa sila ng malalaking kilos-protesta. Nagsimula namang maglunsad ng welga ang mga kawani sa ospital, mga mangingisda, kawani sa mga unibersidad at iba pa bunsod ng krisis.

Sa Russia, libu-libong mga manggagawa ang nagrali laban sa pagbabawas ng oras ng trabaho, mababang sahod at lumalalang kalagayan ng mamamayang Ruso. Sa Greece, nanawagan ang libu-libong manggagawa na bigyan sila ng pro-

teksyon sa gitna ng krisis. Ilampung libo ang inaasahang mawalan ng trabaho sa kanilang bansa ngayong taon.

Sa Spain, libu-libong mamamayan ang nagsuot ng pulang damit at nagprotesta upang ipakita ang disgusto sa pamahalaan. Umabot sa apat na milyon ang nawalan ng trabaho sa Spain noong unang kwarto pa lamang ng taon, pinakamataas kumpara sa mga karatig na bansa sa Europe.

Sa Tokyo, Japan, umabot sa 36,000 ang nakiisa sa rali at naglunsad din ng mga protesta sa 350 lugar sa bansa. Nanawagan silang pawiin ang disempleyo at kahirapan. Nagrali naman ang daan-daang mga manggagawa sa harap ng upisina ng lokal na pamahalaan sa Hongkong. Hiniling nila sa mga lokal na upisyal na

magpalitaw ng mga trabaho, itaas ang sahod ng mga manggagawa at bigyan ng benepisyo ang mga nawalan ng trabaho.

Sa Germany, nauwi sa karahasan ang rali matapos salakayin ng mga pulis ang 200 demonstrador sa syudad ng Berlin. Ang mga demonstrador ay binomba ng tubig at binatuta ng mga pulis. Inaresto ang 12 raliyista. Sa Turkey, nauw rin sa kaguluhan ang rali nang tangkain ng mga demonstrador na tumungo sa Taksim Square sa Istanbul. Hinarang sila ng mga pulis at binomba ng tigas at tubig. Ilan sa mga demonstrador ay inaresto ng pulisya. **AB**



## Ika-36 anibersaryo ng NDF, ginunita sa raling iglap

**M**apangahas na naglunsad ng isang raling iglap ang mga kasapi ng KASAMA (Katipunan ng mga Samahan ng Anakpawis)-NDF sa isang mataong lugar sa Litex Road, Quezon City noong Abril 23, bisperas ng ika-36 na anibersaryo ng National Democratic Front (NDF). Bitbit ang mga plakard at bandila, ipinanawagan ng KASAMA ang ibayong pagsusulong ng digmang bayan bilang tugon sa sosyo-ekonomikong krisis na bumabayo ngayon sa bansa. Sa pamamagitan ng digmang bayan, anila, ay maibabagsak ang naghaharing sistema at mailuluklok ang isang demokratikong gubyernong tunay na kumatawan sa mamamayang Pilipino.

Ang NDF ay itinatag noong Abril 24, 1973, ilang buwan matapos isailalim ng diktador na si Ferdinand Marcos ang buong bansa sa paghaharing militar. Ang KASAMA ay lihim na pambansa-demokratikong organisasyong masa ng mga maralitang tagalunsod at maproletaryado at isa sa mga alyadong organisasyon ng NDF. **AB**

# Mga pekeng grupong *party-list*, nakapuslit sa Kongreso

**M**arami sa 32 dagdag na mga grupong *party-list* sa Kongreso ay hindi totoong kumakatawan sa mga agrabyadong sektor ng lipunan.

Pangunahin dito ang Bantay na kinakatawan ni Maj. Gen. Jovito Palparan at ang anti-komunistang Alliance for Nationalism and Democracy (ANAD) na kinakatawan ni Pastor Alcover Jr.

Kinakatawan umano ni Palparan ang mga *security guard*, *rebel returnee* at mga elemento ng Citizens' Armed Forces Geographical Unit (CAFGU). Ang ANAD naman ay nagmula sa Alsa Masa, ang kilabot na anti-komunistang grupong paramilitar na naghasik ng lagim noong dekada 1980.

Nagsampa ng petisyon ang mga militanteng grupo laban kay Palparan sa House of Representatives Electoral Tribunal noong Abril 28 para madiskwalipika siya sa pagupo sa Kongreso bilang kinatawan ng partidong Bantay.

Ang pagsasampa ng kaso ay pinangunahan ng Bayan Muna, Gabriela Women's Party, Bagong Alyansang Makabayan, Hustisya, Kilusang Magbubukid ng Pilipinas at NAFLU-Kilusang Mayo Uno. Kinukwestyon nila ang kwalipikasyon ni Palparan dahil hindi naman siya kabilang sa mga sektor na naghihirap at walang boses sa lipunan.

Hindi totoong agrabyado ang mga organisasyong paramilitar na kinakatawan nina Palparan at Alcover dahil sa aktwal ay bahagi ang mga ito ng Armed Forces of the Philippines at suportado ng gahiganteng pondo at rekursong militar.

Bukod sa mga ito, sumingit din ang Kakusa, na pinamumunuan ni Romeo Jalosjos, dating kongresista ng Zamboanga del Norte na nahatulan sa kasong panggagahasa sa isang 11 anyos na bata. Ayon sa Kakusa, layon nitong magkaroon ng reporma sa mga bilanguan sa bansa. Subalit prente lamang ito para makapuslit sa Kongreso ang

Partido Demokratikong Sosyalistang Pilipino (PDSP), na ilang beses nang natatalo sa eleksyon para sa *party-list*. Ang mga nakalistang pambansang upisyal ng Kakusa ay pawang mga myembro ng sagad-sagarang anti-komunistang PDSP na pinamumunuan ni Norberto Gonzales, National Security Adviser ni Arroyo. Hindi maaaring maging agrabyado at walang boses ang isang grupong pinamumunuan ng isang taong nasa sentro ng kapangyarihan ng rehimeng Arroyo.

Isa pang naipuslit si Maria Lourdes Arroyo, hipag ni Gloria Arroyo. Ang partido niyang Ang Kasangga ay kumakatawan umano sa mga magbabalut at iba pang maliit na mangangalakal, ngunit ang totoo ay nagmula siya sa pamilya ng malalaking panginoong maylupa at negosyante sa Iloilo at Negros Occidental.

Ang presidente ng Ang Kasangga ay si dating Assemblyman Jose Tumbokon na nagsilbi ring Minister of Information at tagapayo ng pasistang diktadurang Marcos. Kabilang din sa mga lider nito ang ilang upisyal ng gubyerno tulad nina Cristeta Absolor, isang *regional director* ng Department of Social Welfare and Development, at si Elizabeth Manuel, Acting Executive Deputy Director ng Philippine Trade Training Center, isang ahensya ng gubyerno. AB



## Mga progresibong kongresista, nadagdagan ng tatlo

**N**anumpa bilang bagong mga kinatawan ng mga progresibong partido sa Kongreso sina Neri Colmenares (Bayan Muna), Joel Maglunsod (Anakpawis) at Raymond Palatino (Kabataan) noong Abril 28. Bunsod ito ng desisyon ng Korte Suprema noong Abril 21 na dagdagan ng 32 pang mga kinatawan ang mga grupong *party-list* sa Mababang Kapulungan.

Alinsunod rito, mayroon nang walong progresibong kinatawan sa Kongreso—tatlo sa Bayan Muna, dalawa sa Gabriela Women's Party, dalawa sa Anakpawis at isa sa Kabataan. AB



# Pamilya sa Agusan del Norte, minasaker

**I**sang anim-kataong pamilya ang minasaker ng mga elementong paramilitar sa Agusan del Norte habang isang aktibistang kontra sa pagmimina sa Davao Oriental ang pinaslang nitong Abril.

**Abril 29.** Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng dalawang nakamotorsiklong lalaki si Ludinio "Mang Dos" Monson, bandang alas-2 ng hapon habang sakay ng motorsiklo pauwi sa kanyang bahay sa Sityo Cabak, Barangay Poblacion, Boston, Davao Oriental. Si Monson ay tagapangulo ng Nagkahiusa Koy Mag-uuma to Boston, isang organisasyong lumalaban sa komersyal na pagmimina sa lupaing ninuno ng mga Lumad sa Boston. Kasapi rin siya ng Bayan Muna.

Noong isang buwan pa iniulat ni Monson sa Pasaka Confederation of Lumad Groups na sinusundan siya ng mga armadong lalaki. Napag-alaman din niya na nakalista siya sa *order of battle* ng militar at anumang oras ay maaaring patayin.

**Abril 28.** Dalawampu't limang lider at myembro ng iba't ibang organisasyong kaanib ng BAYAN-Eastern Visayas (EV) ang iligal na inaresto at idinetine nang 12 oras sa Tacloban City Police Station. Ang mga inaresto ay kabilang sa mga nagprotesta nang dumating si Gloria Arroyo para pasinayaan ang Palarong Pambansa na nagbukas noon sa Leyte Sports Development Center (LSDC) sa Tacloban.

Ilang minuto pa lamang ang rali nang agawin ng mga elemento ng SWAT ang mga plakard, istrimer, bandila at iba pang kagamitan ng mga nagpoprotesta at kaladkarin sila patungo sa presinto. Ipinabugbog ng isang pulis ang ilang aktibistang lalaki sa mga kriminal na kasama nila sa kulungan.

Kabilang sa mga inaresto sina Flor "Pong" Acbo, tagapangulo ng BAYAN-EV; Atty. Kathrina Castillo,

bise presidente ng National Union of People's Lawyers sa unang distrito ng Leyte; Kenneth Tiu, pangkalahatang kalihim ng Kabataang Pinoy Party-EV; Jebri Gil Sida, tagapangulo ng Kabataang Pinoy Party-EV; Flor Chantal Eco, pangkalahatang kalihim ng Katungod-Sinirangan Bisayas; Alphe Lim, *regional coordinator* ng Gabriela Women's Party; at 19 na iba pa.

**Abril 20.** Inaresto ng mga pulis sina Joseph Concepcion at Angelo de los Reyes, mga myembro ng College Editors' Guild of the Philippines sa Naga City. Ang insidente ay naganap sa Plaza Quince

Martires habang naghahanda ang CEGP-Bicol para sa isang kilos-protesta na itinaon sa pagpapasinaya ni Gloria Arroyo sa pambansang palaro ng Private Schools Athletic Association sa University of Nueva Caceres sa naturang syudad. Anang CEGP-Bicol, magsasampa ito ng kaso laban sa mga operatiba ng PNP.

**Abril 13.** Kinampuhan ng humigit-kumulang 30 elemento ng 19th IB ang eskwelahang pang-elementarya sa Barangay Tabangohay, Alang-alang, Leyte. Binatikos din ng Katungod-Sinirangan Bisayas, alyansang pangkarapatang-tao sa Eastern Visayas, ang Reengineered Special Operations Team (RSOT) sa ginagawang pagtitipon sa mga taumbaryo at pagpiprisinta sa ka-

## Jun Lozada, inilipat sa Senado

**L**alo pang lumaki ang inaning pampulitikang suporta ni Rodolfo "Jun" Lozada sa kabila ng panggigipit sa kanya ng rehimeng Arroyo. Ito'y matapos aprubahan ng korte ang petisyon ng mga senador na ilipat siya sa kustodiya nila nitong Mayo 7.

Inaresto ng mga pulis noong Abril 29 si Lozada, isa sa mga pangunahing testigo sa maanomalyang \$329-milyong proyektong NBN-ZTE. Iniutos ng korte ang pag-aresto sa kanya sa kasong *perjury* na isinampa ni Michael Defensor, masugid na kapanalig ni Gloria Arroyo.

Ibinunyag noon ni Lozada sa pagdinig ng Senado na sinabihan siya ni Defensor na itangging siya ay dinukot ng mga ahente ng gubyrno pagdating niya sa Pilipinas noong Pebrero 2008 at sabihing wala siyang nalalaman sa proyektong NBN-ZTE.

Dahil sa mga pagbubunyag ni Lozada ay lalong tumindi ang galit ng mamamayan sa labis na korapsyon ng rehimeng Arroyo at lalong nahiwalay ang naghaharing pangkatin.

Anang mga tagasuporta ni Lozada, kung sino ang nagsasabi ng totoo ay siya pa ang ikinukulong. Ang malalaking magnanakaw at iba pang kriminal ay patuloy na namamayagpag.

Hindi naglagak ng pyansa si Lozada bilang protesta sa panggigipit na ginagawa sa kanya. Sinamahan siya ng mga madre at ilang personaheng anti-Arroyo sa himpilan ng Manila Police District kung saan siya ikinulong nang mahigit isang linggo bago siya nailipat sa Senado.

AB

nila ng listahan ng umano'y mga tagasuporta ng BHB. Inaaresto, ikinukulong at tinortyur ang hindi napasuko sa listahan.

**Abril 9.** Minasaker ng Bungkatol Liberation Front (BULIF) ang mag-asawang Manuel at Jocelyn Suarez at mga anak nilang sina Jan Mark, 6; Bebi, 5; Along, 2; at Niño, dalawang buwan, sa Sityo Kamanikan, Barangay Malinao, Gingoog City. Nasaksihan ng mga kapitbahay ng mga Suarez kung papaanong pinaulanan ng bala ang kanilang bahay ng mga elemento ng BU-

LIF na sina Manbuligan Pinakitob, Rene Domino, Oyong Alingatong, Bawang Ampeyawan, Atras Manhumusay at isang Basbas na pawang mga residente ng Sityo Mankilana.

Ang BULIF ay isang grupong paramilitar na nasa ilalim ng kontrol ng 4th ID. Ang pagmasaker sa pamilyang Suarez ay naganap ilang araw matapos magtamo ng kaswalti ang pinagsamang pwersa ng 29th at 30th IB nang makasagupa nila ang isang yunit ng Bagong Hukbong Bayan noong Marso 25 at 26. **AB**

## Numero uno sa kabuktutan

**D**ahil sa pagiging bulok at pasista ng mga patakaran ng rehimeng Arroyo, bantog na sa buong mundo ang Pilipinas sa sarisaring kasamaan.

Ang Pilipinas ang isa sa pinakamapanganib na bansa para sa mga unyonista. Ganito ang naging kongklusyon sa pag-aaral ng International Trade Union Confederation (ITUC). Pumapangalawa ang Pilipinas sa Colombia sa mga bansang laganap ang paglabag sa karapatan sa pag-uunyon. Batay sa sarbey ng Independent Centre for Trade Union and Human Rights, umabot sa 33 lider manggagawa ang pinatay noong 2007 pa lamang. Sa sarbey na ito, 220 indibidwal ang nabiktima sa 130 naitalang insidente ng mga paglabag sa karapatan sa pag-uunyon.

Ang Pilipinas din ang may pinakamalaking bilang ng mga mamamayang sapilitang lumikas noong 2008. Bunga ito pangunahin ng mga operasyon ng Philippine Army laban sa Bagong Hukbong Bayan, Moro Islamic Liberation Front (MILF), Moro National Liberation Front at bandidong Abu

Sayyaf. Ayon sa ulat ng Internal Displacement Monitoring Center ng Norwegian Refugee Council, bago pa man sumiklab ang matitinding labanan sa pagitan ng militar at MILF noong 2008 na nagbunsod ng pagbakwit ng kalakhan ng 600,000 biktima ng sapilitang paglikas noong taong iyon, umaabot na sa dalawang milyong mamamayan ang nagbakwit mula noong taong 2000 dahil sa mga armadong labanan.


Isa ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamaraming bilang ng mga mamamahayag na pinapaslang na hindi naparurusahan ang mga salarin. Ayon sa Global Impunity Index ng Committee to Protect Journalists, mula 1999 hanggang 2008 ay nagkaroon ng di bababa sa 24 na kaso ng pagpaslang sa mga mamamahayag na di pa nalulutas.

Samantala, nagpahayag ng pagdudu-

da ang United Nations (UN) sa sinseridad ng gubyernong Arroyo na pangalagaan ang karapatang-tao dahil sa di nito pagsusumite ng kahit isang ulat sa Committee Against Torture mula nang maluklok ito sa poder. Bago manungkulan si Arroyo ay 12 taon na ring hindi nagsusumite ng ulat ang gubyerno ng Pilipinas sa naturang komite. Tinukoy ng mga tagulat ng UN ang kabiguang ito sa isang pagtitipon noong Abril 28 sa Geneva, Switzerland ng UN Committee Against Torture. Pana-panahong nagpupulong ang komite para suriin ang rekord ng 146 bansang lumagda sa UN Convention against Torture and other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment kung saan nakalagda ang Pilipinas.

Kabilang sa mga dumalo sa pulong ng UN ang mga kinatawan ng KARAPATAN, na nag-ulat ng 1,026 kaso ng tortyur sa Pilipinas mula 2001 hanggang Marso 2009. Tumestigo rin sa pulong si Raymond Manalo, isa sa mga biktima ng pagdukot at matinding tortyur sa kamay ng mga berdugo ni Gen. Jovito Palparan.

Dahil sa kabi-kabilang batikos, inianunsyo ni Gloria Arroyo nitong Mayo 5 ang paglalaan ng pondong P25 milyon na pampabuya sa mga testigo laban sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang. Isa na naman itong hungkag na hakbangin dahil patakaran ng estado ang pagpatay at pagtugis sa mga kumakalaban dito. **AB**





# Balikatan sa Bicol, matagumpay na hinarap ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan

**B**inigo ng dumadaluyong na pagtutol ng mamamayan ang RP-US Balikatan *exercises* na inilunsad sa Bicol. Bago pa man dumating ang mga pwersa ng US at AFP na kalahok dito, walang tigil na itong nilabanan ng mamamayan at rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon.

Partikular sa prubinsya ng Sorsogon, kasabay ng mga malakihang kilos-protesta ng mamamayan ang matutunog na taktikal na opensiba ng Celso Minguez Command (CMC) ng BHB. Nakapaglunsad ang BHB ng isang ambus, 12 operasyong harassment at tatlong isnayping. Naa-gaw din ng Hukbo ang inisyatiba mula sa mga sundalong nagtangkang kumubkob sa isang Pulang paaralan at nabigwasan ang kaaway. Sa kabuuan, 24 ang napatay

at 19 ang nasugatan sa panig ng mga militar na nagsagawa ng *clearing operations* sa prubinsya para sa Balikatan. Ang mga nabigwasang yunit militar ay ang 3rd Scout Ranger Battalion, 901st IBde, 49th IB at Special Forces ng iba't ibang yunit ng AFP. Sa panig ng CMC, isang Pulang mandirigma, si Condrado "Ka Ruben" Jesalva ang namartir. Si Ka Ruben ay nahuling walang armas ng nag-ooperasyong Scout Rangers sa bayan ng Gubat. Matapos

ang ilang linggo, natagpuan ang kanyang naaagnas nang bangkay sa isang mababaw na hukay. May mga palatandaan ng tortyur ang katawan ng kasama.

**Hungkag na humanitarian mission.** Kunwa'y *humanitarian mission* lamang ang pakay ng RP-US Balikatan. Ang mga kalahok dito ay naglunsad ng mga pakitangtaong misyong medikal at proyektong konstruksyon sa bayan ng Juban at Irosin.

Pinatunayan ng mga dumalo na hungkag ang naturang mga misyong medikal. Kulang ang mga gamot na ibinigay at maraming nagutom na taumbaryo dahil sa tagal at kakulangan ng serbisyo.

Inobliga pa ng pwersang panseguridad ng Balikatan ang mga upisyal ng mga barangay na pinaglunsaran ng misyong medikal na hakutin ang mga taumbaryo para may mapadalo.

Ang sinabi namang paggawa ng kalsada sa Barangay Guruyan, Juban ay pagtatambak lamang ng graba sa dating kalsada. Ang itinayoy namang eskwelahan doon ay hindi tinapos.

**Militarisasyon ang tunay na mukha ng Balikatan.** Bago pa man ito magsimula, malawakang *clearing operations* ang isinagawa ng AFP. Gumamit ang kaaway ng mga *high-tech* na kagamitang paniktik, mga helikopter at mga tangke sa kanilang operasyon. Paalun-alon ang manera ng operasyon at hindi bumababa sa lakas-kumpanya ang ibinubuhos sa bawat bayan.

Mas nakatuon ang pwersa ng Balikatan sa pagsama sa mga operasyong militar upang galugarin at kabisahin ang tereyn ng prubinsya.

## Mga tropa ng US, kalahok sa mga operasyong militar sa Bicol

**I**lang beses na namonitor ng rebolusyonaryong kilusan ang paglahok ng mga sundalong Amerikano sa mga operasyon ng AFP sa mga lugar na pinagdausan ng katatapos na Balikatan sa Bicol. Nitong Abril, may mga kasamang tropang Amerikano ang mga pwersa ng AFP na nakasagupa ng BHB sa Sorsogon at Masbate.

Noong madaling araw ng Abril 15, nasugatan ang isang sundalong Amerikano at napatay ang tatlong sundalo ng 9th Infantry Division ng Philippine Army nang tangkain nilang kubkubin ang isang platun ng BHB sa Barangay Baras, Esperanza, Masbate. Magiting na nagtanggol ang mga kasama at isang Pulang mandirigma ang nagbuwis ng kanyang buhay. Sa kabilang banda, itinago ng militar ang kanilang mga kaswalti at isinakay sa helikopter ang sundalong Amerikano papunta sa *mainland* ng Bicol.

Kinabukasan, nag-operasyon ang militar kasama ang 12 sundalong Amerikano na ibinaba sa Barangay Nauco, Placer, Masbate.

Nitong Abril 22, dalawa namang sundalong Amerikano ang kasama ng 26 na elemento ng 3rd Scout Ranger Battalion nang paputukan ng mga Pulang mandirigma sa Barangay Lourdes, Barcelona, Sorsogon. Dalawang Scout Ranger ang napatay sa labanan.

Malinaw na ginagamit lamang ng US ang umano'y *humanitarian mission* upang itago ang kanilang paniniktik at paglahok sa mga operasyon ng AFP laban sa rebolusyon at mamamayan. **AB**



Labas sa tinukoy nilang erya ng “humanitarian mission,” sumama ang tropang Amerikano sa mga nag-ooperasyong sundalo ng AFP.

Mga paglabag sa karapatang-tao ang hatid ng mga operasyong militar. Kabilang sa mga naging biktima sina Jason Francisco at Joseph Laguerta ng Magallanes na tinakot at sinaktan ng mga sundalo. Sa Irosin, nagnakaw ng mga hayop ang mga militar.

Matapos ang bigong pangungubkob ng Scout Rangers sa isang Pulang paaralan sa bayan ng Gubat, ilegal na hinalughog ang mga bahay ng taumbaryong malapit sa pinangyarihan.

Kakabit ng militarisasyon ang muling pananalasa ng mga *death squad* na pumatay sa mga sibilyang sina Eden Jerus, Noe Gumba at Noel Encinares. Si Jerus ay byuda ni Willy Jerus, lider magsasaka na naunang pinaslang ng *death squad*.

Tumindi rin ang saywar ng kaway sa mga taumbaryo laluna sa mga pinaghihinalaan nilang pamilya ng mga kasama. Sa mga bayan ng Juban, Irosin, Casiguran at Gubat, nagpalabas ang militar ng mga pelikulang anti-komunista at naglunsad ng mga pulong upang hikayatin ang mga tao na pumabor sa Balikatan. Pinasok din ang mga barangay *high school* para siraan ang rebolusyonaryong kilusan sa mga estudyante.

Subalit bigung-bigo ang pwersa ng Balikatan na makuha ang loob ng mga Sorsoganon sa kabila ng lahat.

Sa halip, pinapula ng militanteng pagkilos ng mga Sorsoganon ang mga kalsada ng prubinsya para palayasin ang pwersa ng RP-US Balikatan. Kasabay nito, nagtagumpay ang mga inilunsad na taktikal na opensiba ng BHB laban sa Balikatan dahil todo ang suportang mamamayan sa kanilang Pulang hukbo.

## Masagana ang ani ng rebolusyon sa Baryo Lagda

**S**a kalibliban ng Cordillera, sa kandungan ng nagtataasang bundok, makikita ang Baryo Lagda. Isa itong kulumpon ng mga bahay na napaliligiran ng malawak na gubat, mga kaingin at hagdan-hagdang palayan. Pagsasaka ang pangunahing ikinabubuhay ng mga taumbaryo roon. Ang inaani nilang palay at gulay ay sinusuhayan ng nakuha sa pangangaso at pangingsda. Ngunit sa kabila ng pagpupunyagi sa pagsasaka, hindi sapat ang naaani nilang palay.

Kadalasan, apat na buwan sa isang taon ay bumibili sila ng bigas sa mga kalapit na baryo o sa kabayanan. Ilang oras na lakad ito dahil walang kalsada sa Lagda, tulad ng libu-libo pang hikahos na baryo sa bansa na pinababayaan ng guberno. Pinagkakaitan ito ng mga batayang panlipunang serbisyo sa kalusugan, edukasyon, agrikultura at iba pa.

Ngunit noong 2007, sa kabila ng krisis sa bigas na nagpahirap sa masang Pilipino, nabago ang matagal nang kasaysayan ng kakulangan ng bigas sa Lagda. Masagana ang aning palay at hindi na kinailangan ng masa na lumabas pa sa baryo upang bumili ng bigas. Nasa likod nito ang kwento ng maninging na tagumpay ng mamamayang mapanlikha, matapang, mapagpunyagi at pursigidong kamtin ang magandang hinaharap.

**Pagpupunlang muli ng rebolusyon.** Naitayo at nakonsolida ang rebolusyonaryong lakas ng mamamayan sa Baryo Lagda noong dekada 1980. Ngunit niyanig ito ng disoryentasyon at ng matagal na panahon ng marahas na militarisasyon. Nagtayo ng detatsment ang militar sa baryo at pwersahang nagrek-

rut sa CAGU. Maraming *payaw* (maliliit na tipak ng palayan) at kaingin ang napabayaang at nasira dahil sa militarisasyon. Nawasak ang naipundar na rebolusyonaryong pag-unlad sa baryo.

Noong 1997, sinimulan ng BHB ang trabahong rekoberi sa Lagda. Tatlong dating kasapi ng sangay ng Partido sa baryo ang inugnayan nila at naging puhunan sa pagtatayong muli ng rebolusyonaryong kapangyarihan sa lugar.

Mahirap ang trabahong rekoberi. Marami ang mga tanong, puna at usaping kailangang harapin at resolbahin ng Pulang hukbo. Malaki ang naitulong ng mga dating kasapi ng Partido at mga bagong aktibistang masa sa muling pagpapaalab ng rebolusyonaryong pagkilos sa loob ng baryo.

Sa loob ng ilang taon, naorganisa ang mga magsasaka, kababai-



## Pang-aapi sa mamamayan ng Cordillera, pinalalala ng OBL

**A**ng implementasyon ng Oplan Bantay Laya 2 (OBL2) ay nagpapalala sa pambansang pang-aapi sa mamamayan ng Cordillera. Sa kanyang mensahe sa pagdiriwang ng Cordillera Day noong Abril 24, inilantad ni Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng Cordillera People's Democratic Front, ang mga abuso ng militar na nagsasagawa ng mga kontra-rebolusyonaryong operasyon sa Cordillera.

Pinasisidhi ng OBL2 ang pangangamkam ng mga lupang ninuno. Isang layunin ng mga operasyon ng AFP ang tiyakin ang malayang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa pagmimina. Binabalewala ng OBL2 ang mga katutubong pampulitikang institusyon sa Cordillera at maging ang awtoridad ng mga lokal na upisyal.

Lalong ipinagkakait sa mamamayan ng Cordillera ang kinakailangang mga serbisyong panlipunan. Ang mga *daycare center*, *health center*, *multipurpose hall* at mga paaralan ay hindi magamit ng mamamayan dahil nagkakampo roon ang mga sundalo. Nilalapastangan ng AFP ang kultura ng mga taga-Cordillera, nililinlang ang mga lider ng tribo at winawasak ang kanilang pagkakaisa.

Mula nang simulan ang OBL1 noong 2002, mahigit 30 mamamayan ng Cordillera ang pinatay ng rehimeng Arroyo. Nawawala pa hanggang ngayon si James Balao ng Cordillera People's Alliance na dinukot ng militar noong Setyembre 17, 2008.

Sa harap ng lahat ng ito, nanawagan si Ka Filiw sa mamamayan ng Cordillera na magkaisa at lumaban at palakasin ang mga konseho ng mga nakatatanda, *dap-ay*, *ator* at iba pang anyo ng tradisyunal na pamamahala. Nanawagan din siyang wakasan ang mga gera ng mga tribo upang mabuklod ang kanilang lakas at maituon sa pakikibaka para sa kanilang lupa, dignidad, kagalingan at mga karapatan. AB

han at kabataan sa baryo. Dumami ang kasapi ng Partido at nabuo ang sangay ng Partido sa baryo. Naglunsad sila ng mga serye ng pag-aaral. Masigasig na inilunsad nila ang mga kampanya laban sa militarisasyon, paglabag sa karapatang-tao, pagtatayo ng detatsment at pwersahang pagrerekrut para sa CAFGU.

Naglunsad ang Partido, BHB at mga organisasyong masa ng kampanya para sa rebolusyong agraryo upang resolbahin ang mababang produksyon ng pagkain sa baryo. Naipalaganap ang pagtatanim ng iba't ibang gulay at prutas. Nagtulong-tulong ang mga mamamayan sa paggawa ng mga bagong *payaw*.

Inayos nila ang mga nasirang dating irigasyon at gumawa ng mga bago para sa mga kabubukas na *payaw* at mga dating hindi naaabot ng patubig.

Mahirap ang pagpapatupad ng mga programa ng rebolusyong agraryo sa Baryo Lagda dahil sa presensya ng detatsment ng kaaway. Maraming kasinungalingan, pananakot at paninira ang pinalaganap ng kaaway sa tangkang wasakin ang pagkakaisa sa baryo ngunit matapang na hinarap at binigo ng mamamayan ang mga ito. Sa pangunguna ng sangay ng Partido, kinumbinsi ng mamamayan na tumiwalag na sa serbisyo ang mga kamag-anak nila na nasa CAFGU. Ka-

sabay nito, pinaigting ng BHB ang mga taktikal na opensiba. Hindi nagtagal, tumiwalag ang mga elemento ng CAFGU at napalayas ang detatsment sa baryo.

Kahit pa kakarampot at laging atrasado ang sahod ng mga CAFGU, malaking bagay ito para sa mga naninirahan sa interyor kung saan mahirap makapagpalitaw ng pera. Upang matulungan ang mga tumiwalag sa CAFGU, isinama sila ng mamamayan sa kampanya ng rebolusyong agraryo. Mula nang maisama sila sa rebolusyong agraryo, hindi na nangungutang ng bigas ang mga tumiwalag sa CAFGU, na lagi nilang ginagawa noong nasa serbisyo pa sila.

Mula 2001-2005, mahigit 70 bagong *payaw* ang nagawa ng mga organisasyong masa. Halos 70-90 kaban ng palay ang naidagdag sa bawat anihan, bukod pa sa ani sa mga kaingin. Bukod sa pagpaparami ng produksyon ng pagkain, hinarap din sa kampanya ng rebolusyong agraryo ang iba pang batayang pangangailangan tulad ng pagpaparami ng mga kalabaw na mahalagang katuwang sa pagsasaka. Nagsimula ang mga organisasyong masa sa pag-aalaga ng tatlong kalabaw na naparami nila nang mahigit sampu at nakabili sila ng ilang kabayo. Noong 2007, inilunsad nila ang programa para sa pagtatanim ng tubo at produksyon ng asukal.

Nagtayo ang mga ROM ng kooperatibang kiskisan upang mabawasan ang maraming oras na nagugugol sa pagbabayo ng palay. Nagtayo sila ng pandayan upang makagawa ng mga batayang kasangkapan sa produksyon. Bumuo sila ng mga nararapat na patakaran upang mahusay na mapangasiwaan ang kiskisan at pandayan. Naglunsad sila ng mga treyning sa pagpapan-day.

Nagkaroon din ng pagsasanay sa batayan at abanteng kursong

pangkalusugan. Pagkatapos ng mga treyning sa kalusugan, isinapraktika ng mga myembro ng komite sa kalusugan ang mga natutunan nila sa pamamagitan ng libreng gamutang bayan.

Unti-unti ring napapawi ang pyudal at malapyudal na relasyon sa produksyon. Naitaas ang arawang sahod sa P100 mula sa dating P50. Naitaas nila ang parte ng mahihirap na magsasakang nakikisaka. Naging 50-50 hanggang 30-70 na ang partihan pabor sa mahihirap na magsasaka. Ang dating 20% interes sa utang ay naibaba tungong 5% na lamang. Natanggal din ang interes sa mga inutang na pera lalo na kung gagamitin sa pag-aaral o sa pagpapagamot. Mula nang maitayo ang kooperatibang kiskisan, bumaba ang gastos sa pagpapakiskis. Dalawang gatang na lamang ng bigas ang bayad sa bawat anim na salop na makikiskis kumpara sa sampung gatang na sinisingil ng mga pribadong kiskisan.

**Pundasyon ng pag-unlad.** Katulad ng matibay na pader na nakatayo sa matatag na pundasyon, ang pag-unlad ng Lagda ay nakatuntong sa matatag at malalim na pundasyon ng pagkakaisa at pagtutulongan ng mga rebolusyonaryong mamamayan, Partido at BHB. Naabot ng Lagda ang mataas na antas ng organisasyon at konsolidasyon. May mga namumunong komite ng mga magsasaka, kabataan, at kababaihan; milisyang bayan; komite sa kalusugan at komite ng Cordillera People's Democratic Front. Noong 2008, naitayo ang balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa baryo na ibayong nagpahigpit sa rebolusyonaryong kapangyarihan ng mga mamamayan doon. Sa kasalukuyan, 92% ng mamamayan sa baryo ay organisado at impluwensyado.

Mahigpit ang pagyakap ng mamamayan ng Lagda sa armadong pakikibaka. Tuluy-tuloy ang suporta nila sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tulong na pagkain, damit at iba pang pangangailangan ng BHB. Nagbibigay din sila ng mga bala at iba pang gamit pangmilitar. Sumampa sa BHB ang maraming kabataan at nakilahok sila sa iba't ibang matatagumpay na taktikal na opensiba.

Marami pang baryong katulad ng Lagda sa Cordillera at iba pang bahagi ng Pilipinas na masigasig na nagsusulong ng rebolusyonaryong pag-unlad at pagbabago sa lipunan. Ang mga ito ang target ng Oplan Bantay Laya 2, ang marahas na plano ng rehimeng Arroyo na wasakin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang 2010. Sa harap ng marahas na pananalasa ng rehimen, higit na pinalalakas ng mamamayan ang rebolusyonaryong pagkakaisa nila upang ipagtanggol ang mga nakamtang tagumpay. **AB**

*(Hango sa Dangadang, rebolusyonaryong pahayagang masa ng Ilocos-Cordillera, Marso 2009.)*



## Pamumunong pinanday ng panahon

**N**agdidilim na nang magtipon sa isang kubo sina Ka Andres, Ka Victor at Ka Dandy, mga upisyal ng sangay ng Partido sa kanilang baryo. Hinihintay pa nila noon ang dalawang kagawad na dadalo sa espesyal na pulong ng komiteng tagapagpaganap (KT) ng sangay, nang sila ay makapanayam ng *Ang Bayan* noong Oktubre 2008.

Ang sangay na ito ay isa lamang sa mga lokal na sangay ng Partido sa isang larangang gerilya sa Southern Mindanao. Ang barangay nina Ka Victor ay isa sa pinakaunang mga baryong kinilusan ng BHB sa Southern Mindanao, kaya mayaman ang karanasan ng mga taumbaryo sa pagrerebolusyon. Kahit may mga panahong napabayaan at naiwan sila ng hukbong bayan dahil sa bangis ng mga operasyong militar at mga pampulitikang kamalian, sa kalakhan ay nanatiling matatag ang rebolusyonaryong paninindigan ng taumbaryo at naging mabilis ang gawaing rekoberi.

Walang patlang ang gawaing rekoberi sa baryo mula 1998 at hanggang ngayo'y patuloy na lumalawak at tumatag ang rebolusyonaryong kilusan dito.

"Nagsimula lamang kami sa walong myembro ng Partido nang itatag ang kasalukuyang sangay noong 1998," ani Ka Victor. "Batay sa panawagan ng komiteng seksyon na magpalawak ay umabot kami sa ma-

higit 30 pagsapit ng 2004. Sa kasalukuyan ay mayroon kaming 40 myembro,” paliwanag ni Ka Andres.

Mulat ang sangay sa tungkulin nitong tumugon sa pangangailangang isulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas sa pamamagitan ng pagrerekomenda ng pinakamahuhusay na lider-masa at aktibista mula sa mga organisasyong masa sa kanilang baryo para maging mga Pulang mandirigma. “Mula 1998 ay siyam na ang aming napasasampa sa mga yunit ng BHB. Pero bago namin sila irekomenda ay tinitiyak muna namin na napalalalim namin ang pagsisiyasat sa kanilang katauhan. Halimbawa, kinikilala namin ang kanilang mga magulang at ang rekord nila sa pagkatao at inoobserbahan namin ang kanilang pagkilos,” paliwanag ni Ka Andres. “Tinatantya rin namin kung sinsero sila o kung may kakayahan talagang magtagal sa serbisyo,” dagdag ni Ka Victor.

“Aktibo rin ang sangay sa pangangalap ng pinansyal at materyal na suporta para sa Hukbo. Pinag-uusapan at pinagpaplanuhan namin sa loob ng KT ang iba’t ibang paraan ng pagtulong sa BHB at inihahapag namin ito sa pulong ng sangay, anila. Anuman ang aming mapagkaisahan ay ipinaalam namin kahit sa mga kababaryong hindi pa myembro ng sangay. Halimbawa, lumilikom kami ng buwanang tulong pinansyal sa mga kasapi ng mga organisasyong masa para itulong sa Hukbo. Bukod rito ay nangongolekta rin ka-

mi ng suportang materyal tulad ng mga pagkaing ugat at gulay tuwing humihimpil sa aming baryo ang BHB. Agad kaming nagpapatawag ng pulong ng mga myembro ng organisasyong masa para mapag-usapan ito at hinihikayat ang lahat na magsikap na makapangalap at makapag-ambag ng tulong.”

Sustinido ang diwang rebolusyonaryo sa baryo sa kabila ng matinding pandarahas ng militar. Sabi ni Ka Andres, “Maraming magsasaka na rito ang nakaranas ng iba’t ibang pasistang karahasan tulad ng masaker, pambubugbog, panginigkil, saywar, panunutok ng baril at blokeyo sa ekonomya.” Subalit sa halip na matakot ay lalo lamang nag-aalab ang galit nila sa kaaway at determinasyon nilang lumaban.

Isa sa pinakamatitingkad na pakikibakang pinamunuan ng sangay ang laban sa isang higanteng kumpanya sa pagmimina na nagplanong mag-opereyt sa lugar. Suportado ng militar at lokal na naghaharing uri ang pagpasok ng minahan. “Sa kabila nito ay nagpursigi kaming tutulan ang kanilang pagpasok dahil alam naming malaki ang idudulot nitong pinsala sa mamamayan. Pinagsikapan ng sangay na paliwanagan ang mga magsasaka at hikayatin silang lumaban para hadlangan ang tangkang pagpasok ng minahan.”

Dahil sa militanteng paglaban ng masa sa mga apektadong lugar at suporta ng mga karatig na baryo ay hindi naituloy ang operasyon ng pagmimina. **AB**

## Si Ka Pasyo, milisyang bayan

**A**ng problema naming mga magsasaka ang malaking dahilan ng aming paglahok sa rebolusyon. Kailangan naming mag-armas laban sa pagsasamantala, pang-aapi at pandarahas ng mga panginoong maylupa, konsesyunaryo at ilang armadong pwersa; para ilunsad ang rebolusyong agraryo at ipagtanggol ang mga tagumpay na nakamit na ng aming kilusan.”



Ito ang sinabi ni Ka Pasyo, isang myembro ng milisyang bayan (MB) sa isang baryo sa bulubunduking bahagi ng Agusan del Sur. Ang milisyang bayan ay lokal na pormasyon ng BHB sa baryo na hindi nakahiwalay sa araw-araw na gawing pangkabuhayan. Mahigpit itong tumatalima sa mga patakaran at disiplina ng BHB.

Mahigit sampung taon na sa MB si Ka Pasyo. Mayaman na rin ang karanasan niya sa pagrerebolusyon.

“Sa harap ng mabangis na pagtatangka ng rehimeng US-Arroyo na gapiin ang rebolusyonaryong ki-

lusan, kaming mga MB ay tumatayo bilang isang pwersang pandepensa sa komunidad.”

“Aktibo kaming mga MB sa pagkilos para mabigo ang Oplan Bantay Laya 2. Kung merong malalaking operasyon ng kaaway, dito pa lamang sa baryo ay sinisimulan na namin ang panghaharas sa kanila. Pabor para sa amin ang bumira sa kaaway laluna kung humihimpil sila sa baryo, dahil kabisado namin ang tereyn ng aming komunidad. Detalyado rin kaming nakapagbibigay ng impormasyon sa BHB tungkol sa galaw ng kaaway. Minsan, direkta kaming lumalahok sa mga reyd at ambus na inilulunsad ng mga platung gerilya ng BHB.”

Napatunayan na ni Ka Pasyo at marami pang iba kung gaano kahalaga ang pagkakaroon ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo. “Malaki ang pagkakaiba ng mga lugar na may rebolusyonaryong kilusan

at yaong mga wala," dagdag ni Ka Pasyo. "Mula nang magkaroon ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo namin, namayani ang pag-uuna-waan at pagtutulungan ng mga residente. Mapayapa na ang aming pamumuhay kumpara sa dati na lagi kaming takot sa mga tulisan at masasamang elemento na basta na lamang dumarating sa baryo namin."

Hindi lamang pangmilitar ang mga tungkulin ng MB. Aktibo rin ito sa pagpapaunlad ng pagsasaka gamit ang iba't ibang pamamaraan tulad ng pag-oorganisa ng mga *hunglos* (bayanihan) upang mapababa ang gastusin sa produksyon. Sa panahong inilulunsad ang rebolusyong agraryo, ang MB ang nagtitiyak sa seguridad sa paligid habang nakikipagkumprontasyon at naggigiit ng mga kahilingan ang mga magsasaka sa panginoong maylupa, usurero o ko-

mersyante.

"Malaki ang aming pasasalamat sa PKP at sa aming Hukbo sa pag-aaruga at paggabay nila sa amin na nagreresulta sa pag-unlad at kapayapaan sa aming lugar."

"Ang problema ng magsasaka sa kawalan ng lupa at ang karahasan na dinaranas ng mamamayang Pilipino sa kamay ng mga naghaharing uri ang siyang malinaw na basehan ng aming patuloy na pag-suporta sa armadong pakikibaka. Nasa rebolusyonaryong kilusan lamang ang sagot sa aming mga hinaing. Kaya hinihikayat ko ang mga kapwa ko magsasaka, laluna na yaong mga nasa yunit ng MB, na patuloy na aktibong sumuporta sa armadong pakikibaka at umagapay sa lahat ng mga gawain ng BHB hanggang sa tagumpay." **AB**

*(Hango sa Lingkawas, rebolusyonaryong pahayagang masa sa Northeastern Mindanao.)*

## Bangit, susunod na hepe ng AFP?

**N**apaaga nang isa't kalahating buwan ang pagpapalit kay Gen. Alexander Yano bilang hepe ng AFP nitong Mayo 1. Maniobra ito para pabilisin ang promosyon ni Lt. Gen. Delfin Bangit na pinaniniwalaang pagaganapin ng malaking papel sa maruruming balak ni Gloria Arroyo sa hinaharap.

Inihalili kay Yano si Lt. Gen. Victor Ibrado na pinalitan naman ni Bangit bilang hepe ng Philippine Army. Nakikini-kinita ng mga kritiko ng rehimeng Arroyo na maaga ring pagreretiruhin si Ibrado para bigyang-daan ang pagluluklok kay Bangit bilang hepe ng AFP matapos ang Hunyo. Paniguro ito ni Arroyo na sakaling mabigong muli ang pakanang *charter change* bago magsara ang Kongreso, ang naka-upong hepe ng AFP ay matapat sa kanya at hindi mag-aatubiling magpatupad ng batas militar o *state of emergency*.

Sakaling maunsiyami ang pakanang batas militar, mahalaga pa rin ang magiging papel ni Bangit sa gagawing pandaraya sa eleksyon sa 2010. Ang kaguluhang ibubunga ng eleksyon ay maaari ring sagpangin ni Arroyo para magdeklara ng batas militar.

Si Bangit ay nagsilbing pinuno ng Presidential Security Group at sinasabing ubod ng tapat kay Arroyo higit sa sinupamang upisyal ng AFP.

Samantala, ihinahanda na rin ang pagluluklok kay Dir. Roberto Rosales bilang hepe ng PNP pagsapit ng 2010. Matapat din siyang alagad ng pangkating Arroyo. **AB**

## Pagpapalayas, tinututulan ng mga magsasaka sa Hacienda Luisita

DUMAGSA sa House of Representatives noong Abril 27 ang humigit-kumulang 100 magsasaka mula sa Hacienda Luisita sa Tarlac para iprotesta ang panibagong bantang pagpapalayas ng pamilyang Cojuangco sa mahigit 500 magsasaka sa asyenda. Sumama sila sa *camp out* ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas na naggigiit na ibasura ang Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at isabatas ang Genuine Agrarian Reform Bill.

Ayon kay Rene Galang, presidente ng United Luisita Workers' Union, nakatanggap sila ng memorandum mula sa mga Cojuangco isang araw matapos aprubahan ng Kongreso noong Disyembre 1, 2008 ang panukalang palawigin ang bogus na CARP.

Ang memorandum ay nagsasagad na pagsapit ng Oktubre 30, 2009 ay dapat nang itigil ng mga magsasaka ang pagbubungkal sa 2,000 ektraryang bahagi ng HLI. Ipinasisira rin ang dati nang naitanim na siyang tanging ikinabubuhay ng mga magsasaka roon. Sakop ng HLI ang 6,000 ektaryang asyenda kung saan namatay ang pitong magsasaka at nasugatan ang maraming iba pa sa isang masaker noong Nobyembre 2005.

Ani Rep. Rafael "Ka Paeng" Mariano ng Anakpawis, ang mga magsasaka na ang tunay na mayari ng lupa dahil kinansela na ng gubyrno ang Stock Distribution Option (SDO) sa ilalim ng CARP noong 2006 at iniutos na ibalik ang lupain sa mga magsasaka. Ayon pa kay Galang, sila at hindi ang pamilyang Cojuangco ang may karapatan at dahilan para sakahin at paunlarin ang asyenda.

**ANG****Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XL Blg. 9  
Mayo 7, 2009  
[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editorial*

# Uring manggagawa, pamunuan ang pakikibaka ng sambayanang Pilipino


**H**abang nagtatagal at lumalalim ang pandaigdigang krisis ng kapitalismo at ang krisis ng makolonyal at malapyudal na sistema sa Pilipinas, nagdudulot ito ng walang kaparis na pinsala at kahirapan sa uring manggagawa, sa masang anakpawis at buong sambayanan. Sa kabilang panig, nagluwal ito ng mainam na kundisyon para sila'y pukawin at pakilusin. Lalong lumilina sa kanila ang pangangailangang bagtasin ang landas ng militanteng pakikibaka upang ipagtanggol ang kapakanan ng lahat ng inaapi't pinagsasamantalahan at kumilos para waksan ang sistemang nagsasadlak sa kanila sa hirap at pagdurusa.

Malaking hamon ang kinakaharap ngayon ng uring manggagawa. Mahigpit ang pangangailangang isabalikat ng uring manggagawa ang kanilang tungkuling ipaglaban ang kanilang mga makauring interes at palaganapin at dalhin ang rebolusyonaryong kilusan sa panibagong yugto ng pagsulong.

Ang uring manggagawa ang pinakamaunlad na uring iniluwal ng kasaysayan. Ito ngayon ang inasahang mamuno at magsulong ng panlipunang rebolusyon. Ang Partido Komunista ang abanteng destakamento nito. Tangan nito ang Marxist-Leninistang ideolohiyang nagsisilbing abanteng syentipiko at

praktikal na gabay sa kanilang pagsusuri at pagkilos. Nasa balikat din ng uring manggagawa at partido nito ang tungkuling mulatin at gabayan ang sambayanang Pilipino, bigkisin sila at manguna sa pagsulong at pagpapaigting ng kanilang rebolusyonaryong pakikibaka.

Dapat tiyaking magagampanan ng uring manggagawa ang malalaking pangkasaysayang hamong kaakibat ng walang kasintinding krisis sa kasalukuyan. Maisasagawa ito sa pamamagitan ng puspusang pagbuo ng Partido sa kanilang hanay. Kung may malakas



***Mga tampok sa isyung ito...***

**Mayo Uno, ginunita ng libu-libong mamamayan** PAHINA 3

**Mga progresibo sa kongreso, nadagdagan ng tatlo** PAHINA 5

**Matagumpay na pagharap sa Balikatan sa Bicol** PAHINA 8

## Mga instruksyon sa paglilimbag

**1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.

**2.** Pag-*print* sa istensil:

- a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
- b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
- k) I-click ang **Properties**
- d) I-click ang **Advanced**
- e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
- d) Ituloy ang pag-*print*

**3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)